

SA LANDAS NG PAGBABAGO, MASDAN ANG KAWANG NATATANGI SA MUNDO

Mula sa isang kahong gumugupi sa damdamin ng mga kabataang nagpupumiglas ipakilala ang kanilang pagkatangi sa lahat, ano ang kahulugan ng isang kabataang Pinoy sa bagong Milenyo?

Kaiba sa makaluma, kaiba sa dati nang pag-uugali, kaiba sa pinagpipilitang karakter na dapat tamuhin ng isang makalumang kabataan; diyan mamamata ang lupon ng kabataang pinipilit apuhapin ng iba. Ang kabataang Pilipino ng bagong Milenyo ay may bukas at malawak na pag-iisip, may malikhaing kamay, mapangaraping isipan at diwang nababalutan ng bagong pananaw sa buhay. Malimit silang hindi maintindihan at pulos negatibo ang tanaw ng dating mundo sa kanila; nilang namuhay sa kapayakan, nilang nanatili sa pigil na panahon.

Minsan pa'y itanong mo. Ano ang kabataang Pinoy? Ika'y aking sasagutin. Pipilitin kong matanto mo ang nais kong ipahiwatig.

Ako ay makabagong kabataan; malaya, may pangarap, may nais makamit. Ako ay pinipigilan ng matatandang hindi sang-ayon sa aking pagkilos. Nalalaman ko ang kanilang dahilan, pagkat sumisira ang aking pag-uugali sa nakagisnan nilang tama. Ngunit kung mas mataman mong sisilipin, ako'y di lumalabag sa anumang alituntunin, ng batas ng kalikasan, tao, at maging ng Diyos man. Sa pagkakataong iniba ko ang ilang istilo, sa iyong pang-unawa'y nagkakamali na ako, ngunit ang totoo pinapaganda ko lamang ang dating mga payak na bagay na pumapalibot sa iyo.

Ang makabagong milenyo ay sumusuong sa panahon ng inobasyon, tinatahak nito ang isang landasing tumutuloy sa bagong agos ng buhay. Makabago ang mga kagamitan, makabago ang mga isipan ngunit nangangahulugan bang iwinawaksi na ang mga dating magagandang aral? Hindi, hindi kailan man pagkat ito'y mananatili, ito'y isang yamang nakabaon sa kaibuturan ng pagkatao ng isang mamamayang nakapagsasalin sa kanyang susunod na henerasyon, at kung gayon minana rin ito ng kabataang Pinoy.

Talos kong ang ilan sa amin ay may pagkakamali, inabuso at tahasang ginamit ang karapatang di kubli. Ang iba nama'y lasak ang naging pag-uugali, di inalintana ang sasapitin sa maling pagpili ng landasin. Anumang labis ay nakasasama, kaya't anumang gawing mali ay may hatid na tangis kung kapagdaka sa ganitong uri ng pagkakatao'y di rin namin maipagkakaila na mangangailangan din kami ng kalinga ng mga nakatatanda.

Kung gayon talos mo na kung sino at ano ang kabataang Pinoy ngayon, kami ang kabataang gumagawa ng bagong pangalan na sa likod ng lahat ay hindi ipinagsasawalang bahala ang turan sa aming kami ang mananatiling pag-sa ng bayan.